
# Filipino – I
# Ikaapat na Markahan
# Ibong Adarna
Modyul 4.18

## Ang Muling Pagtataksil kay Don Juan
## (Saknong Bilang 651 - 681)



## TUKLASIN ang Iyong Pag-unawa




Nakasakay ka na ba sa *roller coaster*? Masarap sumakay doon. Nakaka-*excite* lalo na kapag nasa bahaging itaas ka na at pabaligtad na bubulusok. Kung hindi ka sanay, naku, sa iyong pagbaba ay tiyak na hilong-hilo ka at baka sabihin mo pang hindi ka na uulit. Pero simula lang iyan, pag nasanay na, hahanap-hanapin mo na rin at paulit-ulit kang sasakay. Parang pag-ibig. Dala-dala ay excitement sa tindi ng damdaming kusang umuusbong. Pag ipinapakita sa iyo ang pagmamahal pakiramdam mo ay lagi kang nasa itaas. Kapag ikaw ay nabigo, bumubulusok ka pababa hanggang sa ayaw mo nang magmahal. Kaya nga pag nagmahal, huwag sobra.


Anuman daw sobra ay hindi maganda. Sa buhay ay kailangang husto lamang ang ibigay at tanggapin lalo na sa pagmamahal. Sabi nga sa isang awitin, "*Too Much Love Will Kill You.*" Hayaan mong ipaunawa sa iyo ng aralin na ito ang hindi magandang dulot ng labis na pagmamahal. Sumakay ka na sa *roller coaster* ng aralin at pumaimbulog ka sa mga gawaing lilinang at magpapalalim sa iyong kaalaman hinggil sa paksa.

Sumipi ng isang awit tungkol sa pag-ibig at ang nagagawa nito sa isang tao. Maghanap din ng cd o vcd nito. Maaari rin namang mag*download* mula sa *youtube*. Pakinggan itong mabuti at sagutin ang sumusunod na tanong.

1. Isulat ang pamagat ng awitin. Ipaliwanag ang nilalaman nito. Gawin sa sagutang papel.




2. Iugnay ang sariling karanasan o sa isang taong kakilala kaugnay ng awitin. Gawin sa sagutang papel.



**Mahalagang Tanong Para sa Aralin**

Ibigay mo ang iyong hinuha sa Mahalagang Tanong ng aralin. Isulat ang sagot sa sagutang papel.




**Inaasahang Pagganap para sa Aralin**


Inaasahang makasusulat ka at makapagtatanghal ng monologo na nagpapakita ng damdaming may pagkakatulad sa damdamin ng piling tauhan sa akda. Narito ang mga pamantayan:

A. may kaugnayan sa paksa;
B. orihinal;

C. may angkop na tinig, wastong tindig at kumpas

**Pagtataya sa kaalaman (knowledge) ng mga mag-aaral:**

Paghambingin ang katangian nina Don Pedro at Don Juan bilang mangingibig. Gawin sa sagutang papel. Gayahin ang pormat.





**Rubriks sa pagmamarka:**

10 – naghahambing; angkop sa paksa; naglalarawan.
9 – taglay ang dalawang (2) elemento ng pagmamarka
8 - taglay ang dalawang (2) elemento ng pagmamarka
7 - taglay ang isang (1) elemento ng pagmamarka
5 – hindi taglay ang isa man sa mga elemento ng pagmamarka

**Paghawan ng Sagabal**

Ang mga umiibig ay nakadarama ng **panibugho.** Bigyan mo ito ng iba't ibang kahulugan o interpretasyon. Isulat ang sagot sa sagutang papel.





## LINANGIN ang iyong pag-unawa

1. Sa pag-ibig lamang ba nais mahigitan ni Don Pedro si Don Juan? Patunayan. Gawin sa sagutang papel.

2. Kung ikaw si Prinsesa Leonora, maniniwala ka ba sa mga pangako ni Don Pedro matapos mong masaksihan ang kaniyang pagtataksil sa kapatid? Bakit? Gawin sa sagutang papel.

| Oo | Hindi |
|---|---|
| ______________ | ______________ |
| ______________ | ______________ |
| ______________ | ______________ |

Kung ikaw si Prinsesa Leonora, maniniwala ka ba sa mga pangako ni Don Pedro matapos mong masaksihan ang kaniyang pagtataksil sa kapatid? Bakit?

3. Bakit kaya ganoon na lamang ang panibughong nararamdaman ni Don Pedro sa kapatid na si Don Juan?
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

**Pagtataya sa proseso at kasanayan (process and skill) ng mga mag-aaral:**

Tanungin ang limang (5) kamag-aral kung sino ang higit na nangangailangan ng pag-unawa sa magkapatid – si Don Pedro na nais lamang maging bayani sa paningin ng ama, ng buong kaharian, at ni Prinsesa Leonora o si Don Juan na biktima ng kataksilan ni Don Pedro. Hingin ang kanilang paliwanag sa kanilang naging sagot. Magbigay ng sariling interpretasyon sa naging resulta ng iyong ginawang pagtatanong.




## PALALIMIN ang iyong pag-unawa

1. Ipahayag ang sariling pananaw kaugnay ng magkapatid na naging magkaribal sa pag-ibig.

2. Magtanong sa limang iba-ibang tao (maaaring ang inyong ina, kapitbahay na kasalukuyang nag-aaral, guro, at iba pa) kung paano sila nagmahal. Itanong din kung bakit kaya may mga taong labis kung magmahal? Itala ang kanilang mga sagot at bigyan ito ng kongklusyon. Isulat ang sagot sa sagutang papel. Gayahin ang pormat.

| |
|---|
| Pangalan : ______________________________________________ |
| Paano Magmahal?: ________________________________________ |
| Bakit may mga taong labis kung magmahal? _____________________ |

3. Bakit hindi nakabubuti ang labis na pagmamahal? Isulat ang sagot sa sagutang papel. Gayahin ang pormat.



**Pagtataya sa kaalaman (knowledge) ng mga mag-aaral:**

May nabago ba sa iyong pananaw tungkol sa pag-ibig pagkatapos mapag-aralan ang aralin? Ibahagi ang pagbabagong ito. Gawin sa sagutang papel.




**Rubriks sa pagmamarka:**

10 – tapat; makatotohanan; napaninindigan ang nabagong pananaw; naipaliliwanag ang dahilan ng nabagong pananaw.

9 – taglay ang tatlong (3) elemento ng pagmamarka

8 - taglay ang dalawang (2) elemento ng pagmamarka

7 - taglay ang isang (1) elemento ng pagmamarka

5 – hindi taglay ang isa man sa mga elemento ng pagmamarka



## ILAPAT ang iyong pag-unawa


Nakatulong ba ang mga gawain sa araling ito upang ganap na maunawaan kung paano magmahal?

**Pagtataya sa kaalaman (knowledge) ng mga mag-aaral:**

Sumulat ng iskrip na maaaring gamitin sa monologo na nagpapakita ng damdaming may pagkakatulad sa damdamin ng piling tauhan sa akda. Humandang itanghal sa klase ang ginawang iskrip sa pamamagitan ng monologo.

**Rubriks sa pagmamarka:**

10 – may kaugnayan sa paksa; orihinal; may angkop na tinig, wastong tindig at kumpas.
9 – taglay ang dalawang (2) elemento ng pagmamarka
8 - taglay ang dalawang (2) elemento ng pagmamarka
7 - taglay ang isang (1) elemento ng pagmamarka
5 – hindi taglay ang isa man sa mga elemento ng pagmamarka



## Tandaan Natin

Ang pag-ibig kung pangangalagaan nang wasto ang emosyon ay katagumpayan para sa nakadarama nito. Umibig ka subalit ibigin mo rin ang iyong sarili na katumbas ng ibinibigay mo sa taong iyong minamahal upang sa muling pagsakay sa ikot ng *roller coaster* ay kaya mo ng panghawakan ang iyong sarili patungo sa itaas hanggang sa muling pag-imbulog nito paibaba.